

PROLOGUE

Nagpreno si Parker mula sa pagro-rollerblades sa kalsada ng kanilang village nang makarinig ng komosyon mula sa isang bahay roon.

Lumapit siya sa gate. Nakarinig siya ng dalawang boses... tatlo, actually. Nag-aaway ang mag-asawa sa loob, nagmumurahan, nagsisigawan. Umiiyak naman sa background ang maliit na anak ng mga ito. Sa pagkakaalam niya ay buntis ulit ang babae. Ang usap-usapan pa sa village nila ay nagger daw ito.

“Hoy, ano’ng ginagawa mo diyan?” paninita ni Wayne, ang kakambal niya. Sakay ito ng bike, tumigil sa tabi niya.

“Nag-uusi,” sagot niya.

“War na naman sila?” bulalas nito nang marinig na may kasama nang basagan ang sigawan. Nakiusyoso ito.

Nasa ganoong ayos sila nang makarinig ng tunog ng papalapit na motorbike. Si Kent, isa pang kakambal nila na kung pareho lamang sila ng mga gupit at suot na damit ay mahihirapan ang mga taong mapagsinu-sino silang tatlo.

“Uy, kayong dalawang usisero diyan, kanina pa kayo hinahanap ni Mommy. Kakain na,” anito pagkatigil sa likuran nila. Hindi ito bumaba ng motorbike.

“Hindi ako mag-aasawa,” pasya ni Parker sa mga oras na iyon. “Hassle lang ang mga babaeng ‘yan.”

Right. Kaya nga iwas siya sa mga bebot sa pinapasukan nilang high school kahit marami pa ang nagpapapansin sa kanya. Mas gusto niya na lang mag-try ng extreme sports, gumala sa labas kaysa makipag-date. The world was too beautiful and exciting to spend his life over some stupid girl.

“Magpapatanda kang binata like Uncle Thomas?” tanong ni Wayne.

“Ano’ng masama doon? At least, I gotta enjoy life being alone,” depensa naman niya. Nakikini-kinita na niya ang kanyang future. Umaakyat ng matataas na bundok, nag-i-skydiving, snowboarding sa mga bansang may niyebe, surfing sa Hawaii. And he didn’t think he could do all of these kung may babae sa buhay niya. Well, maybe he would try dating someday. But definitely no strings attached.

He found girls rather boring. Period.

“Masarap kaya ang may kasa-kasamang chicks!” tila kinikilig pang sabi ni Wayne. Palibhasa, playboy ito. Sa edad na quince, kabi-kabila na ang babaeng idini-date nito.

“Ang babata n’yo pa, mga babae na ang pinag-uusapan n’yo,” paninita sa kanila ni Kent, naiinip na.

Tumawa siya. “Kung may tatandang binata sa ating tatlo,

siguradong ikaw ‘yun, Kent!”

Tiningnan lang siya nito nang masama. Masungit at palaging seryoso ang kakambal nilang ito.

“Ano ba?” singhal nito sa kanila nang ayaw pa rin nilang tuminag ni Wayne sa pagkakatayo roon. “Uuwi ba kayo o ipapahabol ko pa kayo ng palo?”

“Uuwi na po, Father,” pigil ang pagtawang sabi ni Wayne at sumakay na sa bisikleta nito.

Samantala, mabilis na sumibad pauwi si Parker gamit ang rollerblades. He felt wild and free like the wind...